

TAMANG SAGOT

PhilHealth Circular No. 2016-0027

Bagong Disenyo ng PhilHealth Identification Card

1. Maaari na bang magamit ang bagong ID para sa mga transaksyon sa bangko at iba pa?

Oo. Ang PhilHealth ID card na may bagong disenyo ay maaari nang gamitin sa mga transaksyon sa bangko sapagka't kinikilala na ito bilang government ID.

2. Ano-ano ang nilalaman ng bagong ID?

Ang bagong ID ay naglalaman na ngayon ng mga sumusunod:

- PhilHealth Identification Number (PIN)
- Buong Pangalan
- Kapanganakan
- Kasarian
- Tirahan
- Kategoriya ng Miyembro
- Lagda ng Miyemebro
- 1" x 1" litrato
- Barcode
- Lagda ng Pinuno ng Ahensya

3. Magagamit pa ba ang mga ID na ibinigay sa mga miyembro ng PhilHealth noon?

Ang mga ID na ibinigay noon at nagtataglay ng lumang disenyo ay maaari pa ring magamit sa anumang transaksyon sa PhilHealth.

4. Sinu-sino'ng miyembro ng PhilHealth ang gagamit ng bagong ID?

Ang ID na may bagong disenyo ay para sa lahat ng miyembro mula sa iba't ibang sektor.

5. Kailan na maaaring makakuha ng bagong ID?

Maaari na makakuha ng ID na may bagong disenyo ngayong Oktubre 2016.

6. Saan maaaring kumuha ang miyembro ng ID na may bagong disenyo?

Maaaring kumuha ng ID na may bagong disenyo sa mga Local Health Insurance Offices ng PhilHealth maging sa mga PhilHealth Express na nasa loob ng mga piling Robinsons Malls.

7. **May kailangan bang bayaran para makakuha ng nasabing ID? Kung mayroon, magkano?**

Walang kailangan bayaran para makakuha ng ID.

8. **Anu-ano ang mga dokumentong kailangang ipakita ng miyembro upang makakuha ng nasabing ID?**

Ang mga dokumentong kailangang ipakita ng miyembro upang makakuha ng nasabing ID ay ang mga sumusunod:

- Maayos na pagpunan ng PhilHealth Membership Registration Form (PMRF)
- Katibayan ng Kapanganakan (Birth Certificate)
- Katibayan ng Kasal (Marriage Certificate)

9. **Maaari ba'ng magpakuha ng nasabing ID ang mga miyembro sa ilalim ng Senior Citizen category upang hindi na nila kailanganin pumunta pa sa tanggapan ng PhilHealth?**

Maaaring magpakuha ang miyembro sa ilalim ng Senior Citizen category ng ID. Kailangan lamang na magsumite o magpakita ng kanyang kinatawan ng mga sumusunod:

- Sulat ng Pagpapahintulot mula sa Miyembro
- Uri ng Pagkakakilanlan ng Miyembro
hal. Senior Citizen ID
- Uri ng Pagkakakilanlan ng kinatawan ng Miyembro